



*Sistema ng proteksyon at pagtataguyod ng California
Toll-Free (800) 776-5746*

Pakete sa Pagdinig ng Sentrong Pangrehiyon (Regional Center Hearing Packet)

Nobyembre 2015, Pub. #5484.08

Tutulungan kang maghanda ng mga materyales na ito para sa iyong pagdinig ng sentrong pangrehiyon. Lumalapat ang gabay na ito sa mga consumer ng sentrong pangrehiyon na mga 3 taong gulang at mas matanda.

Mayroong magkaibang proseso ng pagdinig para sa mga consumer ng Early Start (Maagang Pagsisimula) (edad ng kapanganakan hanggang tatlo). Ang Early Start program ay nagkakaloob ng mga serbisyo at suporta ng maagang pamamagitan para sa mga batang mas bata sa 3 taong gulang. Nagiging karapat-dapat ang mga bata para sa Early Start dahil sa mga antalang hinggil sa paglilintang sa mga larangan ng paglilintang ng kaalaman, pisikal na paglilintang, paglilintang ng wika at pananalita, paglilintang sa pakikipagkapwa o hinggil sa emosyon, o mga kasanayang tinutulungan ang sarili. Mangyaring tingnan ang aming Fact Sheet sa Mga serbisyo ng Early Start para malaman ang iyong mga karapatan sa pagdinig sa Early Start. Para sa ibang impormasyon tungkol sa Early Start at ng iyong mga karapatan, bisitahin ang:

<http://www.disabilityrightsca.org/pubs/F05701.pdf> at basahin ang Chapter 12 ng *Espesyal na Edukasyon ng Disability Rights California: Manwal ng Mga karapatan at Pananagurtan*.

Seksyon Isa – Pag-apela sa Desisyon ng Sentrong Pangrehiyon: isang praktikal na hakbang-hakbang na gabay sa pag-apela sa mga pagtanggap, pagtatapos o pagbabawas ng mga serbisyo ng sentrong pangrehiyon.

Seksyon Dalawa – Mga apendise: mga chart, sampol na dokumento, at mga desisyon ng pagdinig.

Inaaksiyunan ng manwal na ito ang tao na ang mga serbisyo ay tinatanggihan, tinatapos, o binabawasa o ang taong kumakatawan sa kanya bilang "ikaw."

Umaasa kami na matutuklasan mong nakatutulong ang impormasyong ito. Kung mayroon kang mga katanungan o kailangan ng karagdagang tulong, kontakin ang Disability Rights California (800) 776-5746 o ang iyong lokal na Office of Clients' Rights Advocacy (Opisina ng Pagtataguyod sa mga Karapatan ng Kliyente) (800) 390-7032.

Talaan ng Nilalaman

Chapter 1 – Panimula.....	5
Chapter 2 – Ang Proseso ng Pagdinig.....	5
Sapat na Paunawa.....	5
Paghain ng Pagdinig.....	6
Pagpapanatili ng iyong mga Serbisyo Habang Nag-a-apela ka (“Aid Paid Pending”).....	7
Hindi pormal na Pulong	7
Pamamagitan.....	8
Mga mosyon	9
Patas na Pagdinig.....	9
Pagpapatuloy (Pagpapaliban)	10
Pagsasama-sama.....	11
Mga tagasaling-wika	12
Kakayahang mapuntahan ang Lokasyon ng Pagdinig	12
Pagkuha ng Ibang Hukom (Judge).....	12
Chapter 3 – Paghahanda sa Pagdinig	14
Pagtiyak ng Iyong Legal na Argumento.....	14
Paghahanda ng Iyong Ebidensya.....	14
Pagkolekta ng Nakasulat na Ebidensya (Mga dokumento).....	14
Paghahanda ng mga Saksi.....	16

Palitan ng Listahan ng Saksi at mga Exhibit.....	16
Chapter 4 – Sa panahon at Pagkatapos ng Pagdinig	18
Pampungad na Pahayag	18
Pagtatanong sa mga Saksi	18
Mga saksi ng Sentrong Pangrehiyon	18
Ang Sarili Mong mga Saksi	19
Maikling Pagtatapos ng mga Pahayag/Nakasulat na Pagtatapos	19
Pagkatapos ng Pagdinig	20
SEKSYON 2: Mga apendise	21
Apendise A: Flow Chart ng Patas na Pagdinig	22
Apendise B: Sampol ng Kahilingan na Magpalit ng mga Hukom	26
Apendise C: Sampol ng Listahan ng mga Saksi at Ebidensya ng Umaangkin.....	29
Apendise D: Sampol ng Maikling Pagtatapos ng Umaangkin	31
Apendise E: Desisyon ng Administratibong Pagdinig.....	40

Chapter 1 – Panimula

May karapatan kang mag-apela kung:

1. Isa kang kliyente ng sentrong pangrehiyon na humihingi ng bagong serbisyo at sinabing "hindi" ng sentrong pangrehiyon;
2. Gustong bawasan o alisin ng sentrong pangrehiyon ang isang serbisyo na nakukuha mo na; o
3. Sinasabi ng sentrong pangrehiyon na hindi ka karapat-dapat para sa mga serbisyo.

Bibigyan ka ng manwal na ito ng impormasyon tungkol sa kung paanong umapela, at kung ano ang maaasahan sa panahon ng pag-apela. Kung nag-aapela ka sa pagtangga ng pagkanararapat, numero 3, mangyaring tingnan ang aming Regional Center Eligibility Hearing Packet, sa <http://www.disabilityrightsca.org/pubs/557301.pdf>

Maaaring gusto mong humingi ng isang pagdinig kung hindi ka sumasang-ayon sa isang pagbabawas, pagbabago, o pagtangga ng isang serbisyo na sa palagay mo ay kailangan mo mula sa sentrong pangrehiyon. Ang administratibong pagdinig ay hindi pareho tulad ng pagpunta sa korte, at hindi ito dapat katakutan. Ang administratibong pagdinig ay paminsan-minsang tinatawag na “fair hearing.” Kadalasang isinasagawa ang mga pagdinig na ito sa loob ng silid sa o malapit sa sentrong pangrehiyon. Ang tagahatol para sa pagdinig ay tinatawag na “administrative law judge.”

Ipinapaliwanag ng seksyon sa mga pagdinig sa ibaba kung papaano ka hihingi ng isang pagdinig at sa proseso ng pagdinig.

Chapter 2 – Ang Proseso ng Pagdinig

Sapat na Paunawa

Kung gustong tanggihan, bawasan, o tapusin ang isang serbisyo ng sentrong pangrehiyon, dapat mag-schedule ang sentrong pangrehiyon ng pulong na Individual Program Plan (IPP). May karapatan ka na makakuha ng nakasulat na notice of action (NOA) (paunawa ng aksyon) kung sasabihing "hindi" ng sentrong pangrehiyon sa kung ano ang gusto mo. Dapat sabihan sa iyo ng paunawa ng sentrong pangrehiyon kung ano ang

binabalak nitong gawin at kung aling mga batas ang nagpapahintulot dito na gawin ang desisyon nito. Tutulungan ka ng impormasyong ito na magdesisyon kung mag-apela ka, at tutulungan ka nitong maghanda para sa iyong pagdinig. Dapat sabihin ng paunawa na:

- Ano ang gagawin ng sentrong pangrehiyon;
- Bakit ito ginagawa ng sentrong pangrehiyon;
- Kailan ito ginagawa ng sentrong pangrehiyon;
- Ang batas, tuntunin, o patakaran na hinahayaan silang gawin ito;
- Paano at kung saan maghahain ng apela;
- Ang mga deadline sa paghahain ng apela;
- impormasyon tungkol sa kung ano ang mangyayari sa proseso ng apela;
- Paanong repasuhin ang mga rekord ng iyong sentrong pangrehiyon, at
- Saan makakukuha ng tulong sa pagtataguyod.

Sa sandaling matanggap mo ang NOA, maaari kang maghain ng pagdinig kung hindi ka sasang-ayon. Kung tatanggihan, babawasan o tatapusin ng sentrong pangrehiyon ang isang serbisyo nang hindi ka binibigyan ng paunawa, maaari ka pa rin mag-apela - hindi mo kailangan ng NOA upang mag-apela. Kailangan mo lang magpuno ng Form ng Patas na Pagdinig, na matatagpuan sa <http://www.dds.ca.gov/Forms/FairHearing/DS1805.pdf>.

Paghain ng Pagdinig

Para maghain ng pagdinig, punan at ipadala ang Form ng Patas na Pagdinig na ipinadala sa iyo ng sentrong pangrehiyon kasama ng iyong NOA. Ipadala ang iyong kahilingan para sa kahilingang pagdinig sa iyong sentrong pangrehiyon. Kung hindi ka sigurado kung kanino ipadadala ito, ipadala ito sa iyong parehong sentrong pangrehiyon at sa Opisina ng Mga administratibong Pagdinig (Office of Administrative Hearings) sa 2349

Gateway Oaks Drive, Suite 200, Sacramento, CA 95833 o i-fax ito sa (916) 376-6318.

Pagpapanatili ng iyong mga Serbisyo Habang Nag-a-apela ka (“Aid Paid Pending”)

Kung susubukang baguhin ng sentrong pangrehiyon ang mga serbisyo na nakukuha mo na, may karapatan kang panatilihin ang mga serbisyo pareho habang nag-aapela ka. Dapat kang mag-apela sa loob nang 10 araw ng petsa nang matanggap mo ang iyong NOA para mapigilan sa pagbabago ang iyong mga serbisyo. Tinatawag itong “aid paid pending.” Kung hihingi ka ng bagong serbisyo at sasabihing "hindi" ng sentrong pangrehiyon, wala kang karapatan sa aid paid pending.

Hindi pormal na Pulong

Kapag inihain mo ang Form ng Kahilingan ng Patas na Pagdinig (Fair Hearing Request Form), maaari kang humingi ng isang hindi pormal na pulong at/o isang pamamagitan bago sa pagdinig. Ang hindi pormal na pulong ay ang unang hakbang sa proseso ng pagdinig. Isa itong pulong sa pagitan mo (at ng iyong kinatawan, kung mayroon ka) at isang kinatawan ng sentrong pangrehiyon. Ang layunin ay upang maresolba ang isyu o kahit mabawasan ang mga isyu para sa pagdinig. Ito ang iyong pagkakataon na makipagkita sa isang administrador ng sentrong pangrehiyon at himukin siya na ibigay sa iyo ang serbisyong kailangan mo. Hindi mo kailangang magkaroon ng hindi pormal na pulong. Kung hihingi ka ng isa, dapat magkaloob ang sentrong pangrehiyon nang isa. Kasama ang Flow Chart ng Timeline ng Patas na Pagdinig sa Apendise A.

Sa loob nang 5 araw na may trabaho pagkatapos ng hindi pormal na pulong, dapat kang padalhan ng sentrong pangrehiyon ng nakasulat na desisyon. Dapat ilista ng nakasulat na desisyon ang mga isyung tinalakay sa pulong. Dapat ipahiwatig ng desisyon ang desisyon ng sentrong pangrehiyon sa bawat isyu, ang katotohanan na sinusupportahan ang bawat desisyon, at ang mga batas, regulasyon at mga patakaran na ginagamit ng sentrong pangrehiyon sa desisyon nito. Dapat din sabihin nito sa iyo kung paano mo iaapela ang desisyon.

Kung sasang-ayon ka sa desisyon ng sentrong pangrehiyon pagkatapos ng iyong hindi pormal na pulong, maaari mong bawiin ang iyong kahilingan para sa isang pagdinig. Gawin ito sa pamamagitan ng pagpupuno sa form na “Abiso ng Resolusyon” na inibiigay ng sentrong pangrehiyon. Magkakabisa ang desisyon 10 araw pagkatapos matanggap ng sentrong pangrehiyon ang form na “Abiso ng Resolusyon.”

Kung hindi ka sasang-ayon sa desisyon ng sentrong pangrehiyon pagkatapos ng iyong hindi pormal na pulong, maaari kang magpatuloy sa naka-schedule na pamamagitan o isang pagdinig. Hindi mo kailangang tanggapin ang desisyon ng sentrong pangrehiyon.

Pamamagitan

Kung hindi ka sasang-ayon sa hindi pormal na desisyon, ang susunod na hakbang ay papamagitan. Ikaw o ang sentrong pangrehiyon ay maaaring magdesisyong huwag makilahok sa pamamagitan. Marami sa sentrong pangrehiyon ang hindi lumalahok. Kung hihiling ka ng isang papamagitan at sasabihing "hindi" ng sentrong pangrehiyon, kung gayon ang susunod na hakbang ay isang patas na pagdinig.

Ang pagpapamagitan ay isang pulong kung saan nakikipagpulong sa iyo ang isang independiyente, sinanay na tagapamagitan at isang kinatawan ng sentrong pangrehiyon. Magaganap ito sa loob nang 30 araw ng iyong hiling para sa pagdinig. Susubukan ng tagapamagitan na makahanap ng magkaparehong opinyon at mga bagong solusyon. Ang tagapamagitan ay walang kapangyarihan na mamuwersa ng kasunduan. Kung hahantong kayo sa isang kasunduan, lalagda kayo ng dokumento ng kasunduan at ititigil ang proseso ng apela. Kung hindi kayo hahantong sa kasunduan, magpapatuloy kayo sa patas na pagdinig.

Dapat isaalang-alang ng bawat isa ang paggamit ng pamamagitan. Ang pamamagitan ay kadalasang isang magandang ideya dahil binibigyan ka nito at ng sentrong pangrehiyon ng isa pang pagkakataon na humantong sa isang kasunduan. Gayon pa man, talagang tumatagal ito. Ang tagapamagitan ay independiyente, at susubukang tulungan ka na makahantong sa isang kasunduan. Kahit na hindi umubra ang

pamamagitan sa iyo, magkakaroon ka ng marami pang impormasyon tungkol sa kaso ng sentrong pangrehiyon. Matutulungan ka ng impormasyon na iyon sa iyong patas na pagdinig. Kung sa palagay mo'y wala nang pag-asa para sa isang kasunduan, maaari kang magdesisyon na HUWAG magpamagitan. Tinatawag itong "waiving mediation." Ngunit, marami sa mga tao na iniisip na wala nang pag-asa para sa kasunduan na natatapos sa paghantong sa isang kasunduan sa pamamagitan. Kung iuurong mo o ng sentrong pangrehiyon ang pamamagitan, siguruhin na nakahanda ka para sa iyong pagdinig. Maaaring ma-schedule nang mas maaga ang iyong pagdinig kaysa kung pupunta ka sa pamamagitan.

Mga mosyon

Ang mosyon ay isang kahilingan sa tagahatol ng administratibong batas para magpasya ng isang bagay bago ang pagdinig. Kasama sa mga halimbawa ng mga mosyon ay mga mosyon sa pagpawalang-saysay na ibinatay sa mga pinaiiral na kautusan sa mga limitasyon o mga mosyon na mapawalang bisa ang mga subpoena. Maaari kang maghain ng mga mosyon. Maaari ring maghain ng mga mosyon ang sentrong pangrehiyon.

Ang Administrative Procedure Act (Batas ng Administratibong Pamamaraan) ("APA") ay hindi lumalapat sa mga pagdinig ng sentrong pangrehiyon, ngunit maaari itong maging isang nakatutulong na gabay para sa pagtugon sa mga mosyon. Matatagpuan ang APA sa <http://www.dgs.ca.gov/oah/GeneralJurisdiction/APAHearings.aspx>.

Ang ilang sentrong pangrehiyon ay naghain ng mga mosyon para magpawalang-saysay ng kaso. Ang mosyon para magpawalang-saysay ay hinihilingan ang tagahatol na huwag payagan ang pagdinig dahil wala kang karapatan sa isang pagdinig. Ang uri ng mosyon na ito ay bihira. Ito'y salungat din sa batas, kung saan ginagarantiy ang iyong karapatan sa isang pagdinig. Ang tanging eksepsyon ay kapag wala talagang makatotohanan na isyu, bilang halimbawa, kung sinasabi ng batas na walang sinuman ang kailanman ay karapat-dapat para sa ilang serbisyo pa.

Patas na Pagdinig

Ang huling hakbang sa proseso ng apela ay ang patas na pagdinig. Nagaganap ito sa loob nang 50 araw ng iyong kahilingang pagdinig maliban lamang kung hihingi ang isang tao ng pag-antala para sa magandang dahilan. Ikaw at ang sentrong pangrehiyon ay dapat padalhan ang isa't isa ng iyong mga exhibit (evidensya) at isang listahan ng mga saksi 5 araw ng kalendaryo bago sa iyong patas na pagdinig. Ang pagdinig ay isinasagawa sa harap ng Administrative Law Judge (ALJ) mula sa Office of Administrative Hearings (OAH). Sa pagdinig, dapat munang iprisinta ng sentrong pangrehiyon ang kaso nito. Magpapalabas ang ALJ ng nakasulat na desisyon mga 10 araw pagkatapos ng pagdinig.

Pagpapatuloy (Pagpapaliban)

Alinman sa iyo o sa sentrong pangrehiyon ay maaaring hilingin na mabago ang petsa ng pagdinig o pamamagitan. Para ipagpaliban ang petsa ng pagdinig, maghahain ka ng “Mosyon para sa Pagpapatuloy ng Pagdinig at Waiver ng Panahon.” Narito ang link sa form ng mosyon:

http://www.documents.dgs.ca.gov/oah/forms/DDS_RFC_Form.pdf

Ang form ay may espasyo kung saan mo kailangang ipaliwanag kung bakit mo kailangang iantala ang pagdinig. Magkakaloob ang OAH ng pagpapatuloy kung ipinakikita ang “magandang dahilan”. Maaari ka rin maglakip ng anumang dokumento na sinusuportahan ang iyong pangangailangan para sa isang pagpapatuloy.

Sasabihin sa iyo ng form na tawagan ang kinatawan ng sentrong pangrehiyon at tanungin kung sasang-ayon siya na ipagpatuloy ang pagdinig. Sa nakalaan na espasyo, dapat mong isulat ang pangalan at numero ng telepono ng tao ng sentrong pangrehiyon na nakausap mo. Pagkatapos, piliin kung sumang-ayon ang tao o tinutulan ang pagpapatuloy. Dapat mong tanungin ang tao ng sentrong pangrehiyon para sa isang fax number o email address para ipadala ang nakumpletong form para lagdaan niya.

Ikaw o ang iyong kinatawan ay dapat lagdaan ang seksyon na pinamagatang, “Waiver of the Time Set by Law for Lanterman Act Fair Hearing and Decision.” Upang mapagkalooban ng pagpapatuloy, dapat

kang sumang-ayon na "i-waive" ang mga timeline ng pagdinig. Nangangahulugan ito na sumasang-ayon ka para mangyari ang pagdinig nang mas huli sa 50 araw pagkatapos ng iyong kahilingan ng patas na pagdinig.

Tandaang i-fax o i-email ang form sa kinatawan ng sentrong pangrehiyon at hilingan siyang lumagda. Pagkatapos malagdaan ang form, dapat mo itong i-fax sa OAH. Gamitin ang fax number para sa lugar kung saan gaganapin ang pagdinig:

OAH Sacramento: 916-376-6318

OAH Los Angeles: 916-376-6395

OAH San Diego: 916-376-6325

OAH Oakland: 916-376-6323

Kung wala kang sapat na oras para magpadala ng nakasulat na mosyon, maaari mong subukang tawagan ang OAH at humingi ng isang pagpapatuloy sa telepono. Pagkatapos mong ihain ang mosyon para ipagpapatuloy ang pagdinig, maaari mong tingnan ang website ng OAH para malaman kung pinagkaloob na ang mosyon:

<http://www.dgs.ca.gov/oah/GeneralJurisdiction/Continuances.aspx>

Kakailanganin mong ipasok ang case number ng iyong OAH upang maisagawa ang paghahanap.

Pagsasama-sama

Ang pagsasama-sama ay kapag ang dalawa o higit pang kaso na may parehong isyu o katotohanan ay dinidinig nang magkasabay ng parehong tagahatol. Maaari kang humiling ng pagsasama-sama. Maaari rin hilingan ang OAH na pagsamahin ang dalawa o higit pang kaso. Kung hindi kumportable ang iyong pakiramdam na sumang-ayon sa pagsasama-sama, maaari mong sabihing "hindi." Magpapasya ang tagahatol kung

pagsasamahin ang mga kaso batay sa Lanterman Act at sa mga pangyayari ng mga kaso.

Mga tagasaling-wika

Kung kailangan mo o ng saksi ng tagasaling-wika, kontakin kaagad ang OAH. Magkakaloob ang OAH ng sertipikadong tagasaling-wika nang walang gastos.

Kakayahang mapuntahan ang Lokasyon ng Pagdinig

Dapat na napupuntahan ng mga taong may mga kapansanan ang mga lokasyon ng pagdinig. Dapat mong alamin sa OAH nang maaga para makasigurado na napupuntahan ang lokasyon. Kung kinakilangan ng taong may kapanasan ng makatwirang akomodasyon para dumalo sa pagdinig, kontakin ang OAH sa lalong madaling panahon para makagawa ng paghahanda ang OAH.

Pagkuha ng Ibang Hukom (Judge)

Hindi lahat ng tagahatol ay pareho. Kailangan mong matutunan ang tungkol sa iyong tagahatol bago ang pagdinig. Maaari kang makakuha ng ibang tagahatol kung ang isang nakatalaga sa iyo ay mayroong kasaysayan ng pagkamakiling o hindi makatarungang paghusga. Gagawin mo ito sa pamamagitan ng pagharap ng mosyon upang tanggihan ang tagahatol. Ang sampol ng kahilingan para magbago ng mga tagahatol ay kasama sa Apendise B.

Upang maghanap ng impormasyon tungkol sa tagahatol na nakatalaga sa iyong kaso, mag-log on sa website para sa OAH sa <http://www.dgs.ca.gov/oah/GeneralJurisdiction/Calendar.aspx> (kalendaryo ng pangkalahatang nasasakupan) at ipasok ang iyong case number. Itatalaga ang tagahatol malapit sa petsa ng pagdinig. Pagkatapos, pumunta sa link sa <http://www.dgs.ca.gov/oah/DDSHearings/DDSDecisions.aspx> at ipasok ang pangalan ng tagahatol. Makikita mo ang isang listahan ng mga

kasong nadesisyunan ng tagahatol. Basahin ang ilan sa mga kaso para malaman kung ito ang tagahatol na gusto mong magdesisyon sa iyong kaso. Kung hindi, mag-file ng mosyon upang tanggihan ang tagahatol. Ipadala lamang o i-fax ang mosyon para tumanggi sa OAH. Ibigay ang impormasyon ng iyong pakikipag-ugnayan. Kung hindi ka makabalita sa OAH, kung gayon ay tawagan ang OAH bago sa pagdinig para malaman kung ipinagkaloob ang iyong kahilingan. Karaniwan, ipagkakaloob ang kahilingan.

Chapter 3 – Paghahanda sa Pagdinig

Pagtiyak ng Iyong Legal na Argumento

Ang iyong legal na argumento ay ang batas na inaasahan mo na magpapakita na magiging karapat-dapat ka para sa serbisyo na hindi mo napagkasunduan at ng sentrong pangrehiyon, at ang mga katotohanan na sinusupportahan ang iyong inaangkin. Para ihanda ang iyong legal na argumento:

- Repasuhin ang batas na sinusupportahan ang iyong posisyon.
- Maghanap at basahin ang dating mga desisyon ng Patas na Pagdinig sa sumusunod na link:

<http://www.dgs.ca.gov/oah/DDS Hearings/DDS Decisions.aspx>.

Paghahanda ng Iyong Ebidensya

Ang ebidensya ay ang mga katotohanan na sumusuporta sa iyong inaangkin. Kasama sa ebidensya ang mga dokumento at testimonya ng mga saksi. Dapat mo lamang gamitin ang ebidensya na nauugnay. Nauugnay ang ebidensya kung nakatutulong ito na mapatunayan na karapat-dapat ka para sa serbisyo na tinanggihan, sinubukang bawasan, o sinubukang alisin ng sentrong pangrehiyon.

Pagkolekta ng Nakasulat na Ebidensya (Mga dokumento)

Dapat mong tipunin ang anumang nakasulat na ebidensya na sinusupportahan ang iyong legal na argumento. Kasama sa ilang halimbawa ng ebidensya ang:

- Isang paglalarawan ng serbisyo;
- Ang iyong IPP na inilalarawan ang mga layunin ng serbisyo;
- Mga pangkaisipang ulat o pagtatasa na nagpapakita na kailangan mo ang serbisyo;
- Mga resume ng mga kawani na may nadalubhasang pagsasanay;
- Mga ulat ng progreso mula sa service provider; at
- Mga deklarasyon mula sa mga kawani o iba pang tao tungkol sa serbisyo.

Maaari kang humingi ng mga rekord mula sa mga paaralan, health provider, at mga ahensya ng gobyerno na maaaring mayroong nakatutulong na impormasyon. Huwag maghintay para hilingin ang mga rekord. Ang pagtipon ng mga dokumento ay kadalasang tumatagal kaysa sa iniisip mo.

Bukod sa mga dokumento na umiiral na, maaaring kailangan mong makakuha ng karagdagang dokumentaryong ebidensya para suportahan ang iyong kaso, tulad ng ulat ng pagtatasa ng isang eksperto. Maaari mong hilingan ang mga tao na alam ang tungkol sa iyo para sumulat ng mga liham o deklarasyon. Ang tagahatol ay maaaring magbigay nang mas kahalagahan sa impormasyon mula sa isang tao na nasa pagdinig bilang isang saksi kaysa sa isang tao na sumusulat ng mga liham o deklarasyon.

May karapatan kang makita ang anumang tala sa file ng iyong sentrong pangrehiyon, kabilang ang mga rekord na nakuha ng mga sentrong pangrehiyon mula sa labas ng mga ahensya o indibidwal. Dapat kang bigyan ng access ng sentrong pangrehiyon sa iyong mga rekord sa loob nang tatlong araw na may pasok pagkatapos mong hilingin na makita ang mga iyon. Kung gusto mo, dapat ka ring tulungan ng sentrong pangrehiyon na maintindihan ang iyong mga rekord. Kung ang file ng sentrong pangrehiyon ay naglalaman ng mga dokumento na nakatutulong mapatunayan ang iyong kaso, dapat mong isama ang mga ito sa iyong ebidensya. Huwag ipalagay na kukunin ng ALJ ang mga ito dahil nasa sentrong pangrehiyon ang mga ito. Titingnan lamang ng ALJ ang ebidensya na pinili mo at ng sentrong pangrehiyon na ibibigay.

Dapat mong tingnan ang mga patakaran o alituntunin ng Purchase of Service (POS) ng sentrong pangrehiyon. Marami sa mga ito ay naka-post sa website ng iyong sentrong pangrehiyon. Kung hindi mo mahanap ang mga patakaran ng POS sa online, tawagan ang sentrong pangrehiyon at humingi ng isang kopya. Kung nakatutulong ang mga kahulugan ng mga serbisyo sa iyong kaso, isama ang mga ito sa iyong ebidensya.

Maaaring gusto mong mag-subpoena ng ahensya para magbigay ng mga rekord para sa iyong pagdinig. Ang subpoena duces tecum ay magpipilit sa ahensya na dalhin ang mga rekord na mayroon sila at para patunayan

sa korte na ang mga dokumento o tala ay hindi pa nabago. Maaari mong hilingan ang ahensya na gawin ito alinman sa deklarasyon o sa pamamagitan ng direktang testimonya. Ang form ng subpoena para sa mga patas na pagdinig ng sentrong pangrehiyon ay matatagpuan sa sumusunod na link: <http://www.documents.dgs.ca.gov/oah/forms/oah1-subpoena.pdf#search=subpoena%20Form&view=FitH&pagemode=none>.

Paghahanda ng mga Saksi

Ang testimonya ng isang saksi ay isa ring uri ng ebidensya. Paminsan-minsan ang mga saksi ay kailangang mai-subpoena. Ang subpoena ay isang legal na kautusan na pinipilit sila na dumalo sa pagdinig para magpatunay. Dapat mong i-subpoena ang mga saksi at hilingan ang mga saksi na tumestigo sa oras na makakuha ka ng petsa ng pagdinig para maging handa ang mga tao. Maaaring matagpuan ang form ng subpoena sa sumusunod na link <http://www.documents.dgs.ca.gov/oah/forms/oah1-subpoena.pdf#search=Subpoena%20Form&view=FitH&pagemode=none>.

Dapat kang sumulat ng mga katungan para sa iyong mga saksi nang maaga. Repasuhin ang mga katanungang ito kasama ng mga saksi upang makasiguro na naiintindihan ng mga saksi kung ano ang itinatanong mo at ang kasagutan ay nakatutulong sa iyo. Kung ang kasagutan ng saksi ay hindi nakatutulong sa iyo, kung gayon ay huwag itanong ang katanungan sa pagdinig. Ang pagbabago ng paraan ng pagsasabi ng katanungan ay maaaring makatulong.

Dapat ka rin maghandang tumestigo, dahil ikaw ang pinakamainam na saksi para sa iyong sarili o iyong anak. Maging handa na pag-usapan ang tungkol sa kung bakit mo kailangan ang serbisyo. Maaaring gusto mong sabihin kung bakit ang ibang serbisyo ay naging hindi matagumpay. Ang mga ito ay maaaring maging nakatutulong na mga halimbawa kung bakit mo kailangan ang serbisyo na hinihingi mo.

Palitan ng Listahan ng Saksi at mga Exhibit

Kahit 5 araw ng kalendaryo bago sa pagdinig, ikaw at ang sentrong pangrehiyon ay dapat magpalitan ng mga listahan ng mga posibleng saksi at mga kopya ng mga dokumento na maaari mong gamitin bilang ebidensya sa pagdinig. Ang ibig sabihin noon dapat mong matanggap at ng sentrong pangrehiyon ang mga dokumento at listahan 5 araw bago sa pagdinig. Dapat magsama ng maikling pahayag ang listahan ng mga saksi na nagsasabi kung ano ang itetestigo ng bawat saksi. Ang Sampol ng Listahan ng Saksi at Exhibit ay kasama sa Apendise C. Maaaring pigilan ka ng ALJ o ng sentrong pangrehiyon sa paghaharap ng mga dokumento at saksi na hindi naibigay sa bawat isa 5 araw ng kalendaryo bago sa pagdinig.

Chapter 4 – Sa panahon at Pagkatapos ng Pagdinig

Dumating sa pagdinig na may maraming oras na ilalaan. Ang pagdinig ay maaaring maging isang mahabang proseso, kaya maaaring gusto mong magdala ng tubig at mga miryenda. Magdala ng panulat at papel para magsulat ng mga tala sa panahon ng pagdinig.

Pambungad na Pahayag

Dapat kang magbigay ng pambungad na pahayag. Ang pambungad na pahayag ay hindi kailangan, ngunit nakatutulong itong ipaliwanag sa ALJ kung ano ang tungkol sa pagdinig. Ang iyong pambungad na pahayag ay dapat ilarawan ang serbisyo na hinihingi mo at kung bakit. Dapat isama nito ang batas na sumusuporta sa iyong kahilingan. Siguraduhin na ilalarawan ang iyong sarili o ang iyong anak para maunawaan ng ALJ kung ano ang mga kinakailangan mo o ng iyong anak. Ang pambungad na pahayag ay dapat maging isang maikling buod ng iyong kaso. Una munang ibibigay ng sentrong pangrehiyon ang pambungad na pahayag nito. Pakatapos ay ibibigay mo ang sa iyo.

Pagtatanong sa mga Saksi

Mga saksi ng Sentrong Pangrehiyon

Unang ipiprisinta ng sentrong pangrehiyon ang mga saksi nito. Maaari mong tanungin ang saksi ng sentrong pangrehiyon pagkatapos magtanong ang sentrong pangrehiyon. Tinatawag itong “cross-examination.” Dapat makatulong ang iyong mga katanungan para maipakita na hindi nauunawaan o hindi natatandaan ng saksi ang mga katotohanan. Maaari ka rin magtanong ng mga katanungan na magpapakita na ang saksi ay may kinikilingan, binabago ang sinabi niya noong una o maaaring hindi nagsasabi ng katotohanan.

Masusing pag-ukulan ng pansin habang nagpapatunay ang saksi ng sentrong pangrehiyon. Maaaring may mapansin kang kahinaan na mababanggit sa hulihan sa panahon ng iyong cross-examination. Kung hindi, dapat kang magpatuloy sa pagtatanong ng mga katanungan ng cross-examination na iyong isinulat bago ang pagdinig. Hindi magandang

ideya na magtanong ng katanungan kung hindi mo pa alam ang kasagutan, maliban lang kung sa palagay mo na ang malamang na kasagutan ay makatutulong nang malaki sa iyong argumento.

Ang Sarili Mong mga Saksi

Susunod, tatanungin mo ng mga katanungan ang sarili mong mga saksi. Tinatawag itong “direct-examination.” Dapat lamang pag-usapan ng mga saksi ang tungkol sa mga bagay na kanilang ginawa o nakita o narinig nila mismo. Dapat kang magtanong nang maikli, simple, malinaw na mga katanungan.

Bilang karagdagan sa pagprisinta ng iyong pangunahing argumento, maaari mong tanungin ng mga katanungan ang iyong mga saksi para pabulaanan ang mga bagay na maaaring nasabi ng saksi ng sentrong pangrehiyon. Kung hindi, dapat kang magpatuloy sa pagtatanong ng mga katanungan na iyong hinanda bago ang pagdinig. Maaari kang magtanong ng mga follow-up na katanungan kung hindi malinaw ang kasagutan ng saksi.

Magkakaroon ng pagkakataon ang sentrong pangrehiyon na i-cross examine ang iyong mga saksi. Maaari rin magtanong ang ALJ ng mga katungian sa mga saksi. Pagkatapos ma-cross-examine ng sentrong pangrehiyon ang iyong saksi, magkakaroon ka ng pagkakataon na tanungin ang iyong saksi ng mga katanungan. Tinatawag itong re-direct-examination. Sa puntong ito, maaari mong palinawin sa iyong saksi o sabihin sa ibang paraan ang anumang bagay na negatibo na maaaring lumitaw sa panahon ng cross-examination.

Maikling Pagtatapos ng mga Pahayag/Nakasulat na Pagtatapos

Habang sumasailalim ka sa pagdinig, maaaring mapagtanto mo na wala sa tagahatol ang lahat ng impormasyon upang makagawa ng magandang desisyon. Kung gayon, maaari mong hilingan ang tagahatol na “keep the record open.” Maaring sabihin ng tagahatol na “oo” o “hindi” dito. Kung sasang-ayon ang tagahatol na panatilihin nakabukas ang rekord, pahihintulutan nito ang magkabilang panig na bigyan ang tagahatol ng mas maraming dokumento at impormasyon pagkatapos ng pagdinig.

Kadalasang hihingi ang ALJ ng pagtatapos na pahayag sa katapusan ng pagdinig para ibuod ang ebidensya. Maganda itong pagkakataon para muling ibuod kung ano ang iyong naiprisinta sa pagdinig at muling ihayag ang iyong posisyon na karapat-dapat ka sa serbisyo. Paminsan-minsan, sumasang-ayon ang parehong panig na gumawa ng maikling nakasulat na pagtatapos imbes na sinasabing pagtatapos na pahayag. Pahihintulutan ka ng opsyon na ito na pag-isipan ang tungkol sa lahat ng testimonya bago mo ibuod ang iyong argumento. Ang isang maikling nakasulat na pagtatapos ay dapat ibigay ang impormasyon at mga katotohanan na iyong naiprisinta at ipaliwanag ang batas na sumusuporta sa iyong kaso. Kung pananatilihin ng ALJ na bukas ang rekod pagkatapos ng pagdinig at pahihintulutan ang marami pang ebidensya, maaari mo itong isama sa iyong maikling pagtatapos. Kasama sa Apendise D ang Sampol ng Maikling Pagtatapos.

Pagkatapos ng Pagdinig

Pagkatapos ng iyong pagdinig, ang ALJ ay may 10 araw para sumulat ng desisyon. Ang desisyon ay dapat maisagawa nang hindi lalampas sa 80 araw pagkatapos mong hilingin ang iyong apela. Kasama sa Apendise E ang sampol ng desisyon ng pagdinig. Ang desisyon ng ALJ ay dapat:

- Maisulat sa simple, pang-araw-araw na wika;
- Kasama ang buod ng mga katotohanan;
- Kasama ang pahayag tungkol sa ebidensya na ginamit ng ALJ para makagawa ng desisyon;
- Kasama ang desisyon sa bawat isyu o katanungan na nasa kahilingan ng pagdinig at naiprisinta sa panahon ng pagdinig; at
- Ipinahihiwatig ang mga batas, regulasyon at patakaran na sinusuportahan ang desisyon ng ALJ.

Kung hindi ka sasang-ayon sa desisyon ng pagdinig, may karapatan kang mag-apela sa Mas Nakatataas na Korte. Dapat kang umapela sa loob nang 90 araw pagkatapos mong matanggap ang desisyon ng pagdinig. Para sa higit na impormasyon tungkol sa prosesong ito, tingnan ang Rights Under the Lanterman Act, Chapter 12:

<http://www.disabilityrightsca.org/pubs/506301Ch12.pdf>

Pahina 21 ng 47

SEKSYON 2: Mga apendise

Apendise A: Flow Chart ng Patas na Pagdinig

Humiling ng Patas na Pagdinig kung: (1) nagdedesisyon ang sentrong pang-rehiyon, nang wala ang iyong pagsang-ayon, para putulin, bawasan, o magbago ng serbisyo o suporta sa iyong IPP; (2) humiling ka ng serbisyo o suporta at tinanggihan ng sentrong pang-rehiyon ang iyong kahilingan; (3) naabisuhan ka na hindi ka karapat-dapat o hindi na karapat-dapat para sa mga serbisyo ng sentrong pang-rehiyon.

Katanungan 1: Kasalukuyan ka bang tumatanggap ng serbisyo o suporta na nais putulin, bawasan, o baguhin ng sentrong pangrehiyon?

OO > Ihain ang iyong kahilingan para sa pagdinig sa loob nang 10 araw ng petsa nang natanggap mo ang paunawa at ang iyong serbisyo o suporta ay magpapatuloy hanggang sa magkaroon ng pinal na desisyong administratibo. PUMUNTA SA Katanungan 2

HINDI > Dapat mong ihain ang iyong kahilingan para sa pagdinig sa loob nang 30 araw ng pagpapaunawa ng sentrong pangrehiyon. PUMUNTA SA Katanungan 2

Katanungan 2: Gusto mo bang magkaroon ng opsyonal na hindi pormal na pulong?

OO > Dapat maisagawa ang hindi pormal na pulong sa loob nang 10 araw ng pagkakatanggap ng sentrong pangrehiyon ng iyong kahilingan para sa isang pagdinig, maliban lamang kung sasang-ayon ka sa mas mahabang panahon.

Dapat kang makatanggap ng nakasulat na desisyon mula sa sentrong pangrehiyon sa loob nang 5 araw ng hindi pormal na pulong. PUMUNTA SA Katanungan 3

HINDI > PUMUNTA SA Katanungan 4 hinggil sa opsyonal na pamamagitan.

Katanungan 3: Nasiyahan ka ba sa desisyon ng sentrong pangrehiyon?

OO > Sabihin sa sentrong pangrehiyon na binabawi mo ang iyong kahilingan para sa Patas na Pagdinig. Ang mga serbisyong napagkasunduan sa desisyon ng iyong hindi pormal na pulong ay mag-uumpisa sa loob nang 10 araw ng pagkakatanggap ng iyong pagbawi. HUWAG NANG TUMULOY PA.

HINDI > PUMUNTA SA Katanungan 4 hinggil sa opsyonal na pamamagitan.

Katanungan 4: Gusto mo bang magkaroon ng opsyonal na pamamagitan?

OO > Tumatanggap ba ang sentrong pangrehiyon ng pamamagitan? Dapat nilang tanggapin ang pamamagitan sa loob nang 5 araw.

Kung tatanggapin ng sentrong pangrehiyon, gaganapin ang pamamagitan sa loob nang 30 araw ng pagkakatanggap ng sentrong pangrehiyon sa iyong kahilingan para sa isang pagdinig, maliban lang kung sasang-ayon ka sa mas mahabang panahon. PUMUNTA SA Katanungan 5

Kung HINDI tatanggapin ng sentrong pangrehiyon ang pamamagitan sa loob nang 5 araw, magpapatuloy ang iyong kaso sa Patas na Pagdinig. PUMUNTA SA Katanungan 6

HINDI > Maaari kang magpatuloy sa isang Patas na Pagdinig. PUMUNTA SA Katanungan 6

Katanungan 5: Humantong ba kayo sa kasunduan sa pamamagitan?

OO > Sabihin sa sentrong pangrehiyon na binabawi mo ang iyong kahilingan para sa Patas na Pagdinig. Ang mga serbisyong napagkasunduan sa iyong nakasulat na resolusyon ay mag-uumpisa sa loob nang 10 araw ng pagkakatanggap ng iyong pagbawi. HUWAG NANG TUMULOY PA

HINDI > Maaari kang magpatuloy sa isang Patas na Pagdinig. PUMUNTA SA Katanungan 6

Katanungan 6: Gusto mo bang magpatuloy sa isang Patas na Pagdinig?

OO > Gaganapin ang isang Patas na Pagdinig sa loob nang 50 araw sa pagkakatanggap ng sentrong pangrehiyon ng iyong kahilingan para sa isang pagdinig, maliban lang kung bibigyan ka ng tagahatol nang mas mahabang panahon para sa magandang layunin.

Ang desisyon ng Patas na Pagdinig ay dapat maipalabas sa loob nang 10 araw na may pasok ng huling araw ng pagdinig na hindi lalampas sa 80 araw pagkatapos ng iyong inisyal na kahilingan para sa pagdinig maliban lang kung iwe-waive mo ang timeline sa pamamagitan ng paghingi ng isang pagpapatuloy (pagpapaliban)

Kung ang pinopondohan ang serbisyo ng Walver na Nakabatay sa Tahanan at Komunidad ng Medi-Cal (Medi-Cal Home and Community Based Waiver) kung gayon rerepasuhin ng DHCS ang desisyon sa loob nang 90 araw ng kahilingan ng pagdinig. Ang desisyon ay maaaring ipagtibay, baligtarin, o isulat nang naiiba. PUMUNTA SA Katanungan 7

HINDI > Maaari kang umurong sa Patas na Pagdinig sa pamamagitan ng pagkontak sa OAH.

Katanungan 7: Nasiyahan ka ba sa desisyon ng Patas na Pagdinig?

OO > Ang mga serbisyo at suporta ay ibibigay gaya nang napagdesisyan sa desisyon ng Patas na Pagdinig.

HINDI > Mayroon kang 90 araw para maghain ng Writ of Administrative Mandamus sa mas nakatataas na korte. Maaari mong kontakin ang Disability Rights California o isang pribadong abogado para sa tulong.

TANDAAN: Ang sentrong pang-rehiyon ay maaaring magpatuloy sa pagputol o pagbabawas sa mga serbisyo sa loob nang 10 araw maliban

Pahina 25 ng 47

lang kung makakukuha ang iyong abogado ng kautusan ng korte na ipagpatuloy ang mga serbisyo habang nagdedesisyon ang korte sa iyong apela.

Apendise B: Sampol ng Kahilingan na Magpalit ng mga Hukom

SA PAMAMAGITAN NG FACSIMILE (213) 555-5555

Setyembre 23, 2015

Susan Formaker

Presiding Administrative Law Judge

Office of Administrative Hearing

320 W. Fourth Street, Suite 630

Los Angeles, CA 90013

Hinggil sa: Pangwakas na Hamon

John Doe v Sentrong Pangrehiyon

OAH No. 201511100000

Petsa ng Pagdinig: Setyembre 28, 2015

Minamahal na Judge Formaker:

Sumusulat ako sa ngalan ni John Doe upang humiling na maitalaga ang ibang Hukom para dinggin ang kanyang kaso sa Setyembre 28, 2015. Ang kasalukuyang nakatalagang Hukom ay si Sarah Smith. Hinihiling namin na maisagawa ang pagpapalit na ito alinsunod sa Titulo 1 ng California Code of Regulations, Seksyon 1034 at Government Code seksyon 11425.40. Kalakip ay ang ipinag-uutos na deklarasyon na kailangan batay sa seksyon na iyon.

Salamat sa iyong pagsasaalang-alang. Mangyaring maging malayang kontakin ako sa (213) 555-5555 kung kinakailangan.

Pahina 27 ng 47

Gumagalang,

Jane Doe

Kalakip

Deklarasyon ni Jane Doe

Ina ni John Doe

Ako, si Jane Doe, ay idinedeklara na:

- 1) Ako ang magulang para sa isang partido sa nakabinbin na pangyayari.
- 2) Ang Hukom na nakatalaga sa Pagdinig ay hindi makatarungang humahatol laban sa interes ng partido para naniniwala ang nagdedeklara na ang kanyang anak na lalaki ay hindi maaaring magkaroon ng patas at walang kinikilingang Pagdinig sa harap ng Hukom, Sarah Smith.

Ang Deklarasyon na ito ay sumasailalim sa parusa ng pagsisinungaling batay sa mga batas ng estado ng California at nilagdaan noong Setyembre 23, 2015, sa Los Angeles, California.

Gumagalang,

Jane Doe

Apendise C: Sampol ng Listahan ng mga Saksi at Ebidensya ng Umaangkin

Ang iyong pangalan

Ang Address ng iyong Kalye

Ang Iyong Lungsod, Estado, at Zip Code

Ang Numero ng Iyong Telepono

Awtorisadong Kinatawan para sa [Name of Regional Center Client]

TANGGAPAN NG MGA ADMINISTRATIBONG PAGDINIG

ESTADO NG CALIFORNIA

Sa Paksa ni:

Pangalan ng Umaangkin,

Umaangkin,

at

SENTRONG PANGREHIYON,

Ahensya ng Serbisyo

Case No.:

Petsa ng Pagdinig:

Oras ng Pagdinig:

Lugar ng Pagdinig:

Hukom ng Administratibong Batas:

LISTAHAN NG SAKSI AT EBIDENSYA NG UMAANGKIN

LISTAHAN NG SAKSI

- 1) Ang saksing si First Name Last Name ay tetestigo hinggil sa [describe what they will testify about.]
- 2) Ang saksing si First Name Last Name ay kasalukuyang sinu-subpoena para tumestigo hinggil sa [describe what they will testify about.]
- 3) Halimbawa First Name Last Name: Si Mr. Last Name ay tetestigo tungkol sa kapansanan hinggil sa paglilinig, mga layunin, at mga kinakailangang serbisyo ng Umaangkin.

LISTAHAN NG EBIDENSYA

- 1) Maikling Pambungad
- 2) Dokumentasyon ng Pagdinig
 - a. Kahilingan para sa Serbisyo na may petsang [Insert Date]
 - b. Sulat ng pagtanggap na may petsang [Insert Date]
 - c. Kahilingan ng Pagdinig na may petsang [Insert Date]
 - d. Abiso ng Pagdinig
- 3) Impormasyon tungkol sa Programa
- 4) Mga resume ng Tauhan ng Programa
- 5) Ulat ng Progreso mula sa [Insert name of program] dated [Insert Date]
- 6) Ulat ng Progreso mula sa [Insert name of program] dated [Insert Date]
- 7) Pangkaisipang Pagsusuri at Pagpapasya ng [Insert Name of Assessor] na may petsang [Insert Date]
- 8) IPP na may petsang [Insert Date]
- 9) Deklarasyon ng [Insert Name] na may petsang [Insert Date]
- 10) Mga seksyon ng Lanterman Act para sa abisong panghukuman

Apendise D: Sampol ng Maikling Pagtatapos ng Umaangkin

Bill X

Address ng Kalye

Lungsod, Estado, Zip Code

Numero ng Telepono

Bill X, Ama, sa ngalan ng Umaangkin, isang menor-de-edad na bata

**TANGGAPAN NG MGA ADMINISTRATIBONG PAGDINIG
NG ESTADO NG CALIFORNIA**

Sa Paksa ng:

CASE # 2015000000

SALLY X,

Maikling Pagdinig ng Umaangkin

Umaangkin

laban sa

SENTRONG PANGREHIYON,

Ahensya ng Serbisyo

PETSA: 9/12/2015

ORAS: 10:00 AM

LUGAR: Regional Center, 5555 Road St., City, CA 90000

I. Isyu

Maski dapat patuloy na pondohan ng Sentrong Pangrehiyon ang mga serbisyo ng sangguniang pang-edukasyon para tulungan si Sally X sa pagtanggap ng naangkop na mga serbisyong pang-edukasyon sa pamamagitan ng sistema ng paaralan.

II. Panimula

Si Sally X ay isang 14-na taong-gulang na consumer ng Sentrong Pangrehiyon at isang mag-aaral ng espesyal na edukasyon. Si Sally ay may cerebral palsy at nagkaroon ng operasyon na spinal fusion noong Agosto ng 2015. Nagkaroon siya nang maraming problema sa pagtanggap sa mga serbisyo na kinakailangan niya mula sa distrito ng kanyang paaralan. Dahil sa mga kahirapan na ito, Si Sally at ang kanyang pamilya ay higit na nakinabang sa mga serbisyo ng sangguniang pang-edukasyon.

Noong Enero 2010, pinagpasyahan ni ALJ Donald Cole pagkatapos ng pagdinig na kinakailangan ni Sally ng mga serbisyo ng sangguniang pang-edukasyon para tulungan ang kanyang pamilya sa paglaban sa naaangkop na mga serbisyong pang-edukasyon. Patuloy na kinakailangan ni Sally ang tulong ng sangguniang pang-edukasyon na pinopondohan ng Sentrong Pangrehiyon (Regional Center - RC) para ikatawan si Sally sa mga pulong ng IEP, subaybayan ang implementasyon ng IEP ng distrito ng kanyang paaralan, at payuhan ang kanyang pamilya, kung tatanggapin niya ang speech therapy na kinakailangan niya at patuloy na tanggapin ang pisikal na pangangalaga na kinakailangan niya para maging ligtas sa paaralan.

III. Argumento

A.DAPAT MAGKALOOB ANG SENTRONG PANGREHIYON NG MGA SERBISYO NG SANGGUNIANG PANG-EDUKASYON KAY SALLY PARA MAAKSYUNAN ANG MGA PANGANGAILANGAN NA TINUKOY SA KANYANG IPP.

Ang mga sentrong pangrehiyon ay inuutusang bumuo ng Individual Program Plan (IPP) para sa bawat consumer ng sentrong pangrehiyon. Dapat isaalang-alang ng plan ang mga pangangailangan ng indibidwal na consumer at ng kanyang pamilya. WIC seksyon 4646. Upang matamo ang mga layunin ng IPP, inoobliga ang sentrong pangrehiyon na siguruhin ang mga kinakailangang serbisyo at suporta. WIC seksyon 4648(a). Ang mga serbisyo at suporta na maaaring maipagkaloob alinsunod sa IPP ay kasama ang "tulong sa pagtataguyod." WIC seksyon 4512(b).

Ang pinakahuling IPP ng sentrong pangrehiyon ni Sally X, na may petsang Agosto 27, 2015, ay kinikilala ang kanyang mga pangangailangan sa mga larangan na gusto ng kanyang pamilya na maaksyunan ng distrito ng kanyang paaralan. Ayon sa IPP ni Sally, siya ay hindi ambulatory, may limitadong paggalaw sa kanyang mga bisig, kinakailangan ng pisikal na tulong sa lahat ng sariling pangangalaga, at may mga problema sa kalusugan kabilang ang pagtitibi, mga kahirapan sa paghinga, at history ng mga pag-atake. Kinikilala ng IPP ni Sally ang kahalagahan ng paaralan sa pagtugon sa mga pangangailangan ni Sally. Umaasa ang IPP sa speech therapy at inangkop na edukasyong pangkatawan na ibinibigay ng kanyang paaralan para maaksyunan ang mga problema sa komunikasyon at para mapabuti ang kanyang kakayahan na kontrolin ang kanyang katawan at gamitin ang kanyang mga kamay para mapakain ang kanyang sarili. Dahil ang paaralan ay napakahalaga sa pagtugon ng mga indibidwal na pangangailangan ni Sally, gaya ng pagkilala ng RC sa kanyang IPP, at dahil kinakailangan ng pamilya ni Sally ang tulong ng sangguniang pang-edukasyon upang makuha ang mga naaangkop na mga serbisyo ng paaralan, obligado ang RC na magbigay ng sangguniang pang-edukasyon bilang isang serbisyo ng IPP para kay Sally.

B.ANG SENTRONG PANGREHIYON AY MAY PANANAGUTAN NA TULUNGAN SI SALLY NA MA-ACCESS ANG MGA PANLAHAT NA PINAGKUKUNAN, KABILANG ANG MGA SERBISYONG IBINIBIGAY NG DISTRITO NG KANYANG PAARALAN.

“Tutukuyin at ipagpapatuloy ang lahat ng posibleng mapagkukunan ng pagpopondo para sa mga consumer na tumatanggap ng mga serbisyo ng sentrong pangrehiyon” ng mga sentrong pangrehiyon, kabilang ang mga distrito ng paaralan. WIC seksyon 4659(a)(1).

Ang RC ay may obligasyon na ipagpatuloy ang pagpopondo mula sa mga panlahat na pinagkukunan para sa mga serbisyong kinakailangan ni Sally. Kasalukuyang lumalaban ang pamilya ni Sally para magpanatili ng naaangkop na dami ng speech therapy sa IEP ni Sally. Ang operasyong spinal fusion ni Sally ay malaki-laki ang nabago sa kanyang pustura sa kanyang wheelchair, at magmula noong operasyon, nagkaroon siya ng malalaking problema sa pagkontrol sa paghinga kapag nagsasalita, mula

nang nakauupo na siya nang mas diretso. Sa kabila nito, inaangkin ng kasalukuyang distrito ng kanyang paaralan na ang kanyang pananalita ay bumuti at nagsusumikap na bawasan o tanggalin ang mga serbisyo ng kanyang speech therapy. Ang sangguniang pang-edukasyon ni Sally ay nasa proseso ng pagtulong sa kanyang pamilya na labanang panatilihin ang kanyang speech therapy. Kung hindi makukuha ni Sally ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng paaralan, maaaring kailangan niyang makuha ang mga ito mula sa sentrong pangrehiyon bilang nagbabayad ng huling takbuhan. Kung gayon, ang RC, ay may obligasyon na tulungan si Sally na ipagpatuloy ang panlahat na pinagkukunan ng speech therapy na pinopondohan ng kanyang paaralan sa pamamagitan ng pinagpatuloy na mga serbisyo mula sa kanyang sangguniang pang-edukasyon.

At saka, dahil sa mahinang kalusugan ni Sally at walang kakayahan na pisikal na mangalaga para sa kanyang sarili, inuutusan ang programa ng distrito ng kanyang paaralan ang hindi nagbabagong pagsusubaybay para makasigurado na nakukuha niya ang pangangalaga na kinakailangan niya sa paaralan. Kung wala ang pangangalaga na iyon, pisikal siyang hindi makapapasok sa paaralan at mawawalan sa pangunahing mga pinagkukunan ng serbisyo para sa isang consumer ng may-edad na paaralan ng sentrong pangrehiyon. Paulit-ulit na hindi nagawa ng distrito ng kanyang paaralan na matugunan ang kanyang mga pisikal na pangangailangan, na nilalagay ang kanyang kalusugan sa panganib. Ang patuloy na tulong ng kanyang sangguniang pang-edukasyon ay kinakailangan para matiyak na naisusulat ang mga wastong serbisyo sa kanyang IEP at nasusundan ang kanyang IEP.

C.MAAARING PONDOHON NG SENTRONG PANGREHIYON ANG MGA SERBISYO NG SANGGUNIANG PANG-EDUKASYON PARA MATULUNGAN SI SALLY SA PAGKUHA NG MGA SERBISYO MULA SA DISTRITO NG KANYANG PAARALAN.

Ang sentrong pangrehiyon ay karaniwang hindi bumili ng " mga serbisyong [e]ducational para sa mga batang tatlo hanggang 17, malawakan, taong gulang" ngunit maaaring gawin kung "ang serbisyo ay isang pangunahin o kritikal na pamamaraan para sa pagpapabuti ng mga epektong pisikal, kaalaman, o psychosocial ng kapansanan sa kapansanan hinggil sa

paglilintang ng consumer, o kailangan ang serbisyo upang bigyang kakayahan ang consumer na manatili sa kanyang tahanan at walang magagamit na alternatibong serbisyo upang matugunan ang mga pangangailangan ng consumer.” WIC seksyon 4648.5(a)(3) at (c).

Tinanggihan ng RC na pondohan ang mga serbisyo ng sangguniang pang-edukasyon ni Sally batay sa on WIC seksyon 4648.5. Gayunman, ang seksyon 4648.5 ay hindi pinipigilan ang RC sa pagpopondo sa mga serbisyo ng sangguniang pang-edukasyon dahil: 1) Ang hiniling na mga serbisyo ay hindi “mga serbisyong pang-edukasyon” para sa isang batang edad 3-17, sa kumbensyonal na palagay; at 2) Kahit na kung magiging karapat-dapat ang serbisyong hiniling bilang isang serbisyong “pang-edukasyon” para sa isang batang edad 3-17, karapat-dapat si Sally para sa eksepsyon.

1. ANG MGA SERBISYO NA KAILANGAN NI SALLY AY HINDI MGA SERBISYONG PANG-EDUKASYON PARA SA MGA BATANG EDAD 3 HANGGANG 17, AT KUNG KAYA AY MAAARING MAPONDOHAN NG SDRC.

Ang mga serbisyo na hinihiling ng pamilya ni Sally ay hindi mga “serbisyong pang-edukasyon” sa kumbensyonal na palagay, ngunit higit na mabuti na mga serbisyo ng sanggunian o pagtataguyod para tulungan si Sally na ma-access ang naangkop na mga serbisyong pang-edukasyon sa pamamagitan ng panlahat na pinagkukunan. WIC seksyon 4648.5, isinabatas bilang tugon sa piskal na krisis ng California, ay isang partikular na aplikasyon ng pangkalahatang tuntunin na hindi dapat bayaran ng mga sentrong pangrehiyon para sa mga serbisyo na nakalaan sa mga consumer sa pamamagitan ng mga panlahat na pinagkukunan. Pinagbabawalan nito ang mga sentrong pangrehiyon sa pagbabayad sa edukasyon ng consumer kapag dapat tumatanggap ang mga consumer ng edukasyon mula sa mga distrito ng kanilang lokal na paaralan bilang panghalili. Ang kahilingan ng pamilya ni Sally na hindi magbabayad ang RC na bayaran ang isa pang tao na gawin ang trabaho ng distrito ng paaralan, ngunit sa halip na mga kahilingan ng mga serbisyong sangguniang pang-edukasyon para matulungan si Sally na pilitin ang distrito ng kanyang paaralan na turuan siya nang wasto. Ang hiniling ng

serbisyo ay mapagsisilbihan ang mga layunin ng seksyon 4648.5 sa pamamagitan ng pagtitiyak na patuloy na makakakuha si Sally ng naaangkop na mga serbisyo mula sa wastong panlahat na pinagkukunan.

Kung gayon, ang WIC seksyon 4648.5 ay hindi nagbabawal sa pagbili ng mga serbisyong sangguniang pang-edukasyon para kay Sally, at dapat bilhin iyon ng RC upang maipagpatuloy ang mga panlahat na pinagkukunan ng pagpopondo para sa mga serbisyong kinakailangan ni Sally.

2. KAHIT NA ANG MGA SERBISYO NA KINAKAILANGAN NI SALLY AY MGA SERBISYONG PANG-EDUKASYON PARA SA ISANG BATANG EDAD 3-17, NAGIGING KARAPAT-DAPAT SI SALLY PARA SA ISANG EKSEMPSYON.

Kahit na ang mga serbisyo ng isang sangguniang pang-edukasyon ay mga “serbisyong pang-edukasyon” para sa isang batang edad 3-17, nagiging karapat-dapat si Sally para sa isang eksempsyon mula sa pagpapatigil sa kapangyarihan sa pagbili dahil ang serbisyo na kanyang hinihiling ay kinakailangan para pahintulutan siyang ma-access ang kanyang edukasyon, at kung kaya ay napakahalaga sa pagpapabuti sa mga epekto ng kanyang kapansanan. At saka, walang alternatibong serbisyo ang nakalaan para matugunan ang pangangailangan ni Sally.

Para sa isang consumer ng sentrong pangrehiyon na karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon, ang paaralan ang pangunahing pinagkukunan ng mga serbisyo para pabutihin ang mga epekto ng kanyang kapansanan. Kinikilala ng pinakahuling IPP ni Sally na mayroon siyang sari-saring problema sa kalusugan. Sobra rin itong umaasa sa programa ng kanyang paaralan para matugunan ang kanyang mga pangangailangan. Bilang halimbawa, tinatalakay nito ang mga problema sa kanyang pananalita ngunit hindi isinasama ang “kinalabasan” para sa pananalita dahil nakakukuha siya ng speech therapy sa paaralan, at isinasama nito ang kinalabasan na hinihiling sa kanya para makilahok sa mga pagsasanay sa paaralan para itayo ang kanyang lakas upang matutunan niyang pakainin ang kanyang sarili gamit ang tinidor.

Ang pakikipaglaban ni Sally sa distrito ng kanyang paaralan noong nakaraan ay ipinamalas na dapat masigla at listong makilahok ang isang tao sa proseso ng kanyang IEP para matiyak na may kakayahan din siyang pumasok sa paaralan at maging ligtas. Inisyal na tinaggihan ng kanyang paaralan na baguhin ang isang banyo sa paaralan para maging napupuntahan niya ito, at naresolba lamang ang problema dahil sa pagkakasama ng kanyang sangguniang pang-edukasyon. Nagkaroon ng pagbabara ng dumi si Sally sa panahon ng kanyang ika-anim na gradong taon, na pinaniniwalaan ng kanyang ina na nangyari dahil hindi siya sapat na madalas na inaalís ng paaralan sa kanyang wheelchair (gamit ang dahilan na hindi ito nagkaroon ng sapat na tauhan para gawin iyon). Kailangan din maaksyunan ang problemang ito ng sangguniang pang-edukasyon.

Kinakailangan ni Sally, sa pinakamaliit, na magkaroon ng kakayahan na pumasok sa paaralan nang ligtas para mapainam ng mga serbisyo ng paaralan ang kanyang kapansanan, at maging kasangkapan ang mga serbisyo ng kanyang sangguniang pang-edukasyon sa pagtitiyak na ang distrito ng paaralan, kung saan sarili nitong ipinakikita ang hindi maaasahan sa pagtugon sa kanyang mga pisikal na pangangailangan, panatilihin siyang ligtas at malusog sa paaralan. Mayroon rin siyang hindi nagbabagong mga pangangailangan para sa mga serbisyo sa pamamagitan ng distrito ng paaralan, tulad ng speech therapy at inangkop na pisikal na edukasyon, para painamin ang mga epekto ng kanyang cerebral palsy. Ang pamilya X ay kailangang lumaban sa distrito para sa bawat serbisyong kinakailangan niya, at nagiging mabisa lamang sa paggawa nito sa tulong ng isang sangguniang pang-edukasyon. Ang mga serbisyo ng sangguniang pang-edukasyon ay samakatwid ay kritikal sa pagpapabuti ng mga epekto ng kapansanan ni Sally.

Sa panghuli, walang magagamit na alternatibong mapagkukunan para matugunan ang pangangailangan ni Sally para sa mga serbisyong sangguniang pang-edukasyon. Ang panlahatan o “alternatibong” mapagkukunan para sa mga serbisyo sa isang consumer na pinakamalinaw na inaasam ng WIC seksyon 4648.5 ay ang distrito ng paaralan ng consumer. Paulit-ulit na hindi nagawa ng distrito ng paaralan ni Sally na pagkalooban siya ng mga naaangkop na serbisyo. Ang layunin

ng kanyang sangguniang pang-edukasyon ay para himukin o pilitin ang distrito na ibigay kay Sally ang mga kinakailangan niya.

Samantalang ang ibang ahensya na nagtataguyod para sa mga estudyante sa mga bagay-bagay ng espesyal na edukasyon na umiiral sa komunidad, ang ibang pinagkukunan ng tulong ay hindi nakalaan kay Sally. Si Sally at ang kanyang pamilya ay mayroong mahabang ugnayan sa pakikipagtulungan sa kanyang kasalukuyang sangguniang pang-edukasyon, na ginagamit ng pamilya dahil siya ang vendor ng RC na naitalaga sa kanila ng RC. Kung mag-uumpisang makipagtulungan si Sally ngayon sa isa pang tao, ang bagong tao ay dapat nakapagpundar ng marami-raming oras sa pag-alam sa kanyang background. Magiging hindi ito mabisa, at malamang na hindi maunawaan ito ng bagong tao ang kanyang mga pangangailangan nang ganap gaya ng kanyang kasalukuyang sanggunian. Hindi mauunawaan ng bagong tagapagtaguyod ang kasaysayan ng pakikipaglaban ni Sally sa distrito ng paaralan o magawang mabenepisyuhan mula sa ugnayan ng pakikipatulungan ng kanyang kasalukuyang sanggunian.

Ang susunod na pulong ng IEP ni Sally ay naka-schedule para sa Setyembre 21, 2015; kinakailangan niya ang tulong ng isang tagapagtaguyod na ganap nang pamilyar sa kanyang mga pangangailangan sa pulong ng IEP na iyon at sa anumang follow-up pagkatapos ng pulong. Ito'y partikular na mahalaga na ang kanyang kasalukuyang sangguniang pang-edukasyon ay may pagkakataon na sumunod sa resolusyon ng kanyang hindi pagkakaunawaan sa distrito ng paaralan sa speech therapy dahil inumpisahan na niya na makipagtulungan sa isyu na iyon.

Ito'y malinaw sa 2010 na desisyon ni ALJ Donald Cole na ang sitwasyo ni Sally ay hindi karaniwan at kinakailangan ang hindi nagbabago, patuloy na pagsasama ng isang sangguniang pang-edukasyon para matiyak na natutugunan ang kanyang mga pangangailangan. Sa panahong ito, ang mga pangangailangan ni Sally ay maaari lamang matugunan sa pamamagitan ng patuloy na mga serbisyo ng kanyang pangmahabaang panahong sangguniang pang-edukasyon.

IV.KONKLUSYON

Kinakailangan ni Sally X ang mga serbisyo ng sangguniang pang-
edukasyon na pinopondohan ng sentrong pangrehiyon para tulungan
siyang makagamit ng mahalagang panlahatang pinagkukunan - espesyal
na edukasyon sa pamamagitan ng distrito ng kanyang paaralan. Legal na
obligado ang RC para ipagpatuloy ang panlahat na pinagkukunan na ito
para sa kanya. Hindi pinipigilan ang RC sa paggawa nito dahil ang mga
serbisyong sangguniang pang-edukasyon ni Sally ay hindi mga “serbisyong
pang-edukasyon” para sa batang edad 3-17. At saka, kahit na kung ang
serbisyo na kinakailangan niya ay itinuturing na isang serbisyong pang-
edukasyon, karapat-dapat pa rin si Sally para sa isang eksempsyon mula
sa limitasyon sa pagbili ng mga serbisyong pang-edukasyon dahil ang
serbisyong ito ay mahalaga sa pagpapabuti sa mga epekto ng kanyang
kapansanan at hindi makukuha sa anumang panghaliling pinagkukunan.
Ang RC ay dapat, kung gayon, magpondo ng mga serbisyong sangguniang
pang-edukasyon para kay Sally X.

Gumagalang na Isinumite ni:

Bill X

Ama ni Sally X

Petsa:

Apendise E: Desisyon ng Administratibong Pagdinig

SA HARAP NG
TANGGAPAN NG MGA ADMINISTRATIBONG PAGDINIG
ESTADO NG CALIFORNIA

Hinggil sa Isang Eksempsyon para sa

OAH No. 2015000000 Sangguniang Pang-edukasyon para kay:

SALLY X.

Umaangkin,

at

SENTRONG PANGREHIYON,

Ahensya ng Serbisyo.

DESIYON

Si Mary Smith, Administrative Law Judge, Office of Administrative Hearings, State of California, ay dininig ang paksa na ito sa Los Angeles, California, noong Setyembre 12, 2011.

Bill X., ama ng umaangkin, kinatawan ang umaangkin na wala doon para sa patas na pagdinig.

Ryan M., Esq., kinatawan ang ahensya ng serbisyo, Regional Center (RC).

Natanggap ang binibigkas at dokumentaryong ebidensya at naisumite ang paksa noong Setyembre 12, 2011.

ISYU

1. Umiiral ba ang eksempsyon batay sa Welfare and Institutions Code seksyon 4648.5 na pinahihintulutan ang ahensya ng serbisyo na pondohan ang sangguniang pang-edukasyon ng umaangkin?

MGA MAKATOTOHANANG NATUKLASAN

Mga bagay-bagay na Pangnasasaklawan

1. Noong Hulyo 5, 2011, hinainan ng RC ang umaangkin ng isang paunawa ng mungkahing aksyon na tinatanggihan ang pagpopondo para sa isang sangguniang pang-edukasyon para sa umaangkin. Noong Hulyo 25, 2011, natanggap ng RC ang kahilingan ng umaangkin para sa isang patas na pagdinig na tinututulan ang desisyon ng RC at sumunod ang apela na ito.

Pagkanararapat at mga Serbisyong Kasalukuyang Ipinagkakaloob sa Umaangkin

2. Ang umaangkin ay isang 14 na taong gulang na babae na nasuring may malalang cerebral palsy at kakulangan sa pag-iisip. Alinsunod sa isang Enero 7, 2010, Ang kautusan kung saan ay nagresulta sa isang dating administratibong pagdinig, kasalukuyang pinopondohan ng RC ang 16 na oras kada buwan ng mga serbisyo ng sangguniang pang-edukasyon para tulungan ang umaangkin sa kanyang Individual Education Plan (IEP).

Ang Lanterman Act at mga Sentrong Pangrehiyon

3. Ang Batas ng mga Serbisyo sa Mga kapansanan Hinggil sa Paglilalang ng Lanterman (Lanterman Developmental Disabilities Services Act) (ang Batas ng Lanterman) ay matatagpuan sa Welfare and Institutions Code seksyon 4500 et seq.

4. Ang Departamento ng mga Serbisyo Hinggil sa Paglilalang (Department of Developmental Services) (ang DDS) ay ang pampublikong ahensya sa California na mananagot sa pagpapatupad ng mga batas kaugnay sa pangangalaga, kustodiya at paggagamot ng mga indibidwal na may mga kapansanan hinggil sa paglilalang batay sa Lanterman Act. (Welf. & Inst. Code, seksyon 4416.) Upang tumalima sa itinataguyod na mandato nito,

nakikipagkontrata ang DDS sa mga pribadong ahensya na hindi-kumikitang pangkomunidad, na kilala bilang “mga sentrong pangrehiyon”, para pagkalooban ang may kapansanan hinggil sa paglilinang ng "paggamit sa mga serbisyo at suporta na pinaka-umaakma sa kanila hanggang sa katapusan ng kanilang buhay." (Welf. & Inst. Code, seksyon 4620.)

5. Ang mga pananagutan ng sentrong pangrehiyon sa mga consumer nito ay inihahayag sa Welfare and Institutions Code mga seksyong 4640-4659.

2009 Mga pagbabago sa Lanterman Act

6. Ang California ay nasa gitna ng isang wala pang nakagagawang kakulangan sa budget. Ang bawat bahagi ng gobyerno ng estado ay natamaan ng piskal na krisis na ito, kabilang ang DDS. Ang Assembly Bill 9 (AB 9) ay ipinasa kung saan binago ang Lanterman Act sa pagsusumikap na matugunan ang mahirap na kalagayan ng ekonomiya. Idinagdag ang seksyon 4648.5 sa Welfare and Institutions Code kung saan ipinagkakaloob ang:

"(a) Sa kabila ng anumang ibang probisyon ng batas o mga regulasyon sa kabaligtaran, magkakabisa sa Hulyo 1, 2009, ang kapangyarihan ng sentrong pangrehiyon na bilhin ang mga sumusunod na serbisyo ay susupindehin hanggang hinihintay ang pagpapatupad ng Budget ng Pagpili ng Indibidwal at sertipikasyon ng Direktor ng mga Serbisyo Hinggil sa Paglilinang na naipatupad na ng Budget ng Pagpili ng Indibidwal at magresulta sa pagtitipid sa budget ng estado na sapat upang mabawi ang mga gastos sa pagkakaloob ng mga sumusunod na serbisyo:

(1) Mga serbisyo sa camping at mga kaugnay na gastusin sa paglalakbay.

(2) Mga aktibidad ng panlipunang libangan, maliban lamang sa mga aktibidad na iyon na ipinagbili bilang mga pang-araw na programang nakabatay-sa-komunidad.

(3) Mga serbisyong pang-edukasyon para sa mga batang tatlo hanggang 17, sakop ang lahat, na taong gulang.

(4) Mga hindi-pang-medikal na therapy, kabilang, ngunit hindi limitado sa, tinukoy na paglilibang, sining, sayaw, at musika

(b) Para sa mga consumer ng sentrong pang-rehiyon na tumatanggap ng mga serbisyong inilarawan sa subdibisyon (a) bilang bahagi ng kanilang indibidwal na plano ng programa (IPP) o plano ng isinaindibidwal na serbisyo ng pamilya (individualized family service plan) (IFSP), magkakabisa ang pagbabawal sa subdibisyon (a) sa Agosto 1, 2009.

(c) Ang isang eksempyon ay maaaring igawad sa isang batayang pang-indibidwal sa mga pambihirang kalagayan para pahintulutan ang pagbili ng isang serbisyo na tinukoy sa subdibisyon (a) kapag tinitiyak ng sentrong pangrehiyon na ang serbisyo ay isang pangunahin o kritikal na pamamaraan para sa pagpapabuti ng kalagayan sa mga epektong pisikal, kaalaman, o psychosocial ng kapansanan hinggil sa paglilinang ng consumer, o kailangan ang serbisyo upang bigyang kakayahan ang consumer na manatili sa kanyang tahanan at walang magagamit na alternatibong serbisyo para matugunan ang mga pangangailangan ng consumer.

Hindi tinukoy ng bagong seksyon ng code ang "mga pambihirang pagkakataon," ni hindi nito ipinahiwatig kung ano ang magiging bahagi ng "pangunahin o kritikal na mga pamamaraan para sa pagpapabuti" kapansanan hinggil sa paglilinang ng consumer upang pahintulutan ang consumer na patuloy na matanggap ang mga serbisyong ito, marahil iiwanan ang pagpapasiya na ito sa bawat sentrong pangrehiyon at sa tagasubok ng katotohanan sa isang batayang kaso sa kaso.

Ebidensyang Iniharap sa Pagdinig

7. Warren W., RC Program manager, ay tumistigo na ang umaangkin ay nagkaroon ng "pagbabago sa pangyayari" dahil doon kamakailan lang ay nag-umpisa siyang pasukan ang isang eskuwelang panggitna na nagresulta sa kanya na hindi na kailangan ng sangguniang pang-edukasyon dahil ang kanyang mga isyu ay nasa kanyang dating paaralan.

Tumestigo rin siya na bagaman ang kasalukuyang sangguniang pang-edukasyon ng umaangkin, si Deborah P., ay isang vendor ng RC, hindi niya nagawang ipagkaloob ang mga ulat ng napapanahong progreso sa gayon hindi na hinihiling ng RC na gamitin ang kanyang mga serbisyo. Gayunman, tinanggap niya na patuloy na pinopondohan ng RC ang kanyang mga serbisyo sa panahon na hindi niya nagawang ibigay ang mga report.

8. Nagbigay ng totoo at kapani-paniwalang testimonya ang mga magulang ng umaangkin tungkol sa hindi nagbabagong pakikipaglaban na nagkaroon sila sa distrito ng paaralan ng umaangkin at paghikayat sa distrito ng paaralan na iyon na magbigay ng mga serbisyo na inuutos ng batas at bilang ibinuod sa IEP. Ipinaliwanag din nila na si Deborah P. ay ganap nang pamilyar sa mga pangyayari ng umaangkin, at naging instrumento sa pagkuha ng mga serbisyong kinakailangan, at isang mahalagang bahagi ng proseso ng IEP ng umaangkin. Bagaman ang pagpasok sa bagong paaralan, ay lahat kailangan ng mga serbisyong ibinuod sa IEP ay kailangan pang maipatupad. Bukod doon, ang umaangkin at ang distrito ng paaralan ay kasalukuyang hindi nagkakasundo hinggil sa kanyang mga serbisyo ng pananalita. Gaya nang naturan, ang pagbabago sa isang bagong paaralan ay hindi pa naging madali.

Pagsusuri at pagpapasya

9. Ang kahigtan ng ebidensyang naitaguyod na karapat-dapat ang umaangkin para sa isang eksempsyon batay sa Welfare and Institutions Code seksyon 4648.5, subdivision (c). Iprinisinta ang hindi sapat na ebidensya upang itaguyod na hindi na kailangan ng umaangkin ang mga serbisyo ng isang sangguniang pang-edukasyon. Para sa anumang dahilan, ang distrito ng paaralan ng umaangkin ay mukhang naging isang maingay na kasosyo sa kanyang edukasyon at tanging sa mga aksyon ni Deborah P. na nakipagtulungan ang distrito. Ang pagtapos sa kanyang mga serbisyo ngayon ay magiging labis na nakapipinsala sa umaangkin at kanyang pamilya. Hindi nagawa ng RC na magtaguyod ng sapat na pagbabago sa mga pangyayari upang magarantyang mabaligtad ang naunang kautusan ng korte na ito na nagtataguyod ng eksempsyon para sa mga serbisyong pang-edukasyon. Ang anumang isyu sa pagitan ng RC

at ni Deborah P. hinggil sa kanyang kabiguan sa napapanahong pagbibigay ng mga report ng progreso ay mas naaangkop na napapangasiwaan bilang isang bagay na panloob na vendor, posible sa pagwi-withhold ng reimbursement ng RC ng kanyang mga billing hanggang sa matanggap ang mga report ng progreso, ngunit hindi sa pamamagitan ng pagpaparusa sa umaangkin sa pag-alis sa kanya sa kanyang kaso.

MGA KONKLUSYONG LEGAL

Burden of Proof

1. Sa administratibong paglilitis, gaya sa mga ordinaryong sibil na sakdal, ang partidong naghahayag ng pagpapatotoo ay karaniwang may burden of proof, kabilang ang pasanin ng paghikayat ng isang kahigtan ng ebidensya. (McCoy v. Board of Retirement (1986) 183 Cal.App.3d 1044, 1051-1052.) Nagkaroon ang RC ng pasanin sa pagtataguyod na ang eksempsyon para sa mga serbisyong pang-edukasyon ay hindi na umiiral.

Ang Batas na Lanterman

2. Nagsabatas ang Lehislatura ng komprehensibong plano ng pagtataguyod na kilala bilang Lanterman Developmental Disabilities Services Act upang magkaloob ng pattern ng mga pasilidad at serbisyo na husto sa pagkakumpleto upang matugunan ang mga pangangailangan ng bawat tao na may mga kapansanan hinggil sa paglilinang, nang walang pagsasaalang-alang sa edad o antas ng kakulangan, at sa bawat yugto ng buhay. Ang layunin ng planong pagtataguyod ay dalawang bahagi: upang maiwasan o mabawasan ang pagsasa-institusyon ng mga taong may kapansanan hinggil sa paglilinang at ng kanilang dislokayson mula sa pamilya at komunidad, at upang bigyan sila ng kakayahan na tayahin ang pattern ng pang-araw-araw na pamumuhay ng mga taong walang kapansanan na parehong edad at upang gabayan ang mas malaya at produktibong buhay sa komunidad. (Association for Retarded Citizens v. Department of Developmental Services (1985) 38 Cal.3d 384, 388.) Mahalaga na alalahanin na wala sa mga serbisyong hinihiling ng umaangkin ay mukhang hindi makatwiran o hindi nauugnay sa kanyang kundisyon. Sa katotohanan, marami sa mga serbisyo ay ipagkakaloob sa

bawat IEP at pagkatapos, para sa mga dahilan na nanatiling hindi malinaw, tinanggihan ng distrito ng paaralan na ipatupad ang mga serbisyo na iyon.

3. Ang mga kaugnay na probisyon ng Batas ng mga Serbisyo ng mga May Kapansanan Hinggil sa Paglilinigang ng Lanterman ay kasama sa Mga katotohanang Natuklasan.

Umiiral ang Dahilan para Igawad ang Kahilingan para sa isang Eksempsyon para sa isang Pang-edukasyon

Sanggunian

4. Ang kahigtan ng ebidensya na naitaguyod na dapat magpatuloy ang RC na magpondo ng mga serbisyo ng sangguniang pang-edukasyon para sa umaangkin. Patuloy na nagpiprisinta ang umaangkin nang sapat na ebidensya upang garantyaan ang eksempsyon para sa serbisyong ito.

KAUTUSAN

Kahilingan ng umaangkin para sa isang eksempsyon alinsunod sa Welfare and Institutions Code seksyon 4648.5, subdivision (c), ay iginagawad. Dapat ipagpatuloy ng RC na pondohan ang kahilingan ng umaangkin para sa mga serbisyong sangguniang pang-edukasyon.

MAY PETA: Setyembre 23, 2011

MARY SMITH

Hukom ng Administratibong Batas

Tanggapan ng Administratibong mga Pagdinig

PAUNAWA

Ito ang pinal na administratibong desisyon. Ang kapwa partido ay nasasaklawan ng desisyon na ito. Sinuman sa partido ay maaaring mag-apela sa desisyon na ito sa isang korteng may sapat na kapangyarihan sa loob nang siyamnapung araw.

Pinopondohan ang Disability Rights California ng iba't ibang pinagkukunan, para sa isang kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.